2026 Volume: 02 Issue: 06 www.ijrpa.com ISSN 2456-9995 Research Article

International Journal Research Publication Analysis

Page: 01-32

# SISTEMATIKONG PAGSUSURI BILANG ESTRATEHIYA SA PAGLINANG SA MAPANURING PAGBASA SA PANITIKAN PAMPAARALAN NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG NG DOÑA ROSARIO NATIONAL HIGH SCHOOL ANNEX

[1.]

***Lency L. Salubre, Dr. Teresita P. Tranquilan**

*Teacher I- Doña Rosario National High School Annex.*

**Article Received: 3 May 2026**
**Article Revised: 23 May 2026**
**Published on: 13 June 2026**

***Corresponding Author: Lency L. Salubre**
Teacher I- Doña Rosario National High School Annex.

DOI: https://doi-doi.org/101555/ijrpa.3379

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan at sa paglinang ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Doña Rosario National High School. Gumamit ito ng descriptive-evaluative na disenyo na may pre-test at post-test upang masukat ang antas ng mapanuring pagbasa bago at pagkatapos ng interbensyon. Walumpu't isang (81) mag-aaral ang naging respondente ng pag-aaral. Ginamit bilang pangunahing instrumento ang Talaan ng Katanungan para sa Mag-aaral at Talatanungan sa Bisa ng Sistematikong Pagsusuri, at sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang mean, percentage, weighted mean, at paired sample t-test.

Natuklasan na bago ang interbensyon, ang mga mag-aaral ay nasa mababang antas ng mapanuring pagbasa sa mga aspektong pag-unawa sa nilalaman ng kuwento, pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda, at paglalahad at antas ng pag-unawa sa akda. Matapos ang pagpapatupad ng Sistematikong Pagsusuri gamit ang kontekstuwalisadong lokal na alamat na *Alamat ni Doña Telesfora*, tumaas ang kanilang antas ng pagganap tungo sa mataas na antas ng kahusayan. Napatunayan din ng paired sample t-test na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test sapagkat ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05. Batay sa persepsyon ng mga mag-aaral, lubos nilang tinanggap ang interbensyon na nagtamo ng kabuuang mean na 4.51 na may deskripsiyong "Lubos na Sumang-ayon", na nagpapakita ng mataas na bisa nito sa pagpapalalim ng pag-unawa, pagsusuri, at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan.

Samakatuwid, napatunayang epektibo ang Sistematikong Pagsusuri at paggamit ng kontekstuwalisadong lokal na alamat bilang interbensyon sa pagpapataas ng antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral. Inirerekomenda ang patuloy na paggamit at pagpapalawak ng estratehiyang ito sa pagtuturo ng panitikan at ang pagsasagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral upang higit na mapagtibay ang pagiging mabisa nito sa iba pang konteksto at asignatura.

**SUSING SALITA:** Sistematikong Pagsusuri, mapanuring pagbasa, interbensyon, panitikan, pre-test at post-test, descriptive–evaluative na disenyo.

**PANIMULA**

Ang Sistematikong Pagsusuri ay isang organisado, estrukturado at hakbang-hakbang na estratehiya sa pagtuturo na ipinapakilala sa pag-aaral na ito upang gabayan ang mga mag-aaral sa masusing pagproseso at paghimay ng mga tekstong pampanitikan. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, ginamit sa pananaliksik ang isang sistematikong balangkas na binubuo ng pre-reading, during-reading, at post-reading upang magsilbing konkretong gabay sa pagbasa (Alek & Nguyen, 2023). Upang matiyak ang organisadong implementasyon nito, ang pangkalahatang balangkas na ito ay nilapatan ng anim (6) na tiyak at sunod-sunod na hakbang na nagsisilbing gabay sa aktwal na pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

Sa unang yugto ng pre-reading, binibigyang-diin ang Hakbang 1: Aktibasyon at Pagpaplano para sa aktibasyon ng iskima o dating kaalaman ng mga mag-aaral at ang paghawan sa mga sagabal na salita bago magbasa (Phimphimon et al., 2024). Sa yugto naman ng during-reading, isinasagawa ang aktibong pagsubaybay sa daloy ng kuwento at ang pagsusuri sa mga panloob na elemento ng teksto (Alek & Nguyen, 2023) sa pamamagitan ng apat na magkakakonektang proseso: ang Hakbang 2: Unang Tugon at Mabilisang Pag-unawa, Hakbang 3: Sistematikong Pagtukoy sa Elemento, Hakbang 4: Mapanuring Pag-aanalisa, at Hakbang 5: Sintesis at Pagbuo ng Kongklusyon. Sa huling yugto ng post-reading, pinapatnubayan ang mga mag-aaral sa Hakbang 6: Paglalapat at Pagpapahalaga upang maitaguyod ang paglalahad ng sariling interpretasyon, paghinuha sa aral, at pag-uugnay ng nilalaman ng akda sa totoong buhay ng sariling komunidad (Rahmasari & Sunarti, 2024).

Ang kahalagahan ng paggamit ng kontekstuwalisadong lokal na panitikan na alamat sa pag-aaral na ito ay nakasalalay sa kakayahan nitong iugnay ang mga akademikong kasanayan sa aktwal na kultura at karanasan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga lokal na alamat gamit ang sistematikong balangkas na ito, mas madaling nauunawaan ng mga mag-

aaral ang mga tradisyon, paniniwala, at kasaysayan ng kanilang sariling pamayanan habang nililinang ang kanilang mapanuring pagbasa (Rahmasari & Sunarti, 2024).

Ang ganitong pamamaraan ay nagbigay-daan upang ang tradisyunal na pagbasa ay maiangat tungo sa isang mataas na antas ng komprehensiyon na may pagpapahalaga sa sariling pagkakakilanlan. Bukod dito, ang paglalapat ng kontekstuwalisasyon ay nagpapasigla sa interes ng mga kabataan dahil mas nakikita nila ang direktang kaugnayan ng mga tekstong pampanitikan sa kanilang kapaligiran (DepEd, 2016).

Batay sa K to 12 Curriculum Guide for Filipino (Junior High School), kabilang sa mga layunin ng pagtuturo ng asignaturang Filipino ang paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa sa nilalaman, magsuri ng estruktura at anyo ng teksto, at magbigay-interpretasyon sa mensahe (DepEd, 2016). Ang mga kasanayang ito ay mahalaga upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral tungo sa pagiging mapanuring mambabasa. Ang itinakdang dulog para sa antas na ito ay nakatuon sa pang-estruktura, sosyo-historikal, tematiko, at tekstuwal na pamamaraan upang masuri ang anyo at mga elemento ng tuluyan gamit ang kontekstuwalisadong lokal na panitikan.

Nilalayon ng mga kasanayang pampagkatuto na malinang sa mga mag-aaral ang kakayahang makapaghinuha sa kalagayang panlipunan, kaugalian, at lokal na kultura ng lugar na pinagmulan ng teksto batay sa mga pangyayari at usapan (DepEd, 2020). Sa pamamagitan ng paglalapat ng tatlong yugto ng balangkas na ito, ang pagbasa sa kontekstuwalisadong lokal na panitikan na alamat ay hindi lamang nagtatapos sa pag-alam sa pinagmulan ng mga bagay kundi sa pag-unawa sa mas malalim na kontekstong panlipunan at pangkultura ng sariling rehiyon.

Ang kasalukuyang pananaliksik ay isinasagawa upang patunayan na ang Sistematikong Pagsusuri ay isang mabisang kasangkapan sa pag-abot ng mga pamantayan ng K to 12 at MATATAG kurikulum tungo sa paghubog ng mga mag-aaral na may mapanuring pag-iisip sa Ikapitong Baitang. Pinatibay pa ito ng DepEd Order No. 10, s. 2024, kung saan inilatag ang mga patnubay sa implementasyon ng MATATAG Curriculum na naglalayong palalimin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa comprehension at analytical skills na kinakailangan sa mapanuring pagbasa (DepEd, 2024). Sa ganitong konteksto, ang paggamit ng Sistematikong Pagsusuri ay isang mabisang estratehiya upang matulungan ang mga mag-aaral sa paglinang ng mapanuring pagbasa sa panitikan.

Nakatuon din ang pananaliksik nina Lestari at Purwanti (2021) sa kahalagahan ng sistematikong pagsusuri upang matulungan ang mga mag-aaral sa junior high school na

makamit ang mas mataas na antas ng comprehension, partikular sa panitikan. Samantala, tinatalakay ni Santoso (2022) kung paano nakatutulong ang step-by-step analysis at structured reading guides sa pagtuturo ng panitikan upang mapahusay ang analytical skills ng mga mag-aaral sa junior high school.

Upang matukoy ang epektibong bisa ng estratehiyang ito, ang pag-aaral ay gagamit ng sariling-gawang instrumentong pampagtataya (Pre-test at Post-test) na binuo batay sa mga kasanayan ng kurikulum, kasama ang isang iniyangkop na Talatanungan sa Bisa ng Sistematikong Pagsusuri. Ang mga instrumentong ito ay dumaan sa proseso ng pagpapatibay o ekspertong balidasyon sa pangunguna ng mga dalubhasa upang matiyak ang katumpakan nito sa pagsukat ng antas ng mapanuring pagbasa at pagtataya sa kagamitan.

Layunin ng pag-aaral na ito na malinaw na suriin ang bisa at maitatag ang pokus ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa paglinang ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral sa panitikan. Bilang lunsaran, ginamit ng mananaliksik ang binuong kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo—ang lokal na alamat ng Barangay Doña Telesfora sa Tubay, Agusan del Norte. Upang mapalalim ang pag-unawa sa lokal na kasaysayan, hayagang isinama at ipinaliwanag sa kuwento ang mga katutubong katawagan ng pamayanan gaya ng Swakay (ang sinaunang pangalan ng barangay) at Lawaan (ang dambuhalang puno na sagrado sa kasaysayan ng lugar), gayundin ang mga terminong Barter (sistema ng kalakalan) at Logger (mga mangangalakal ng torso) na humubog sa kanilang lipunan. Sa pamamagitan nito, masusukat ang pag-unlad ng walumpu't isa (81) na mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Doña Rosario National High School Annex sa pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-interpretasyon sa mga tekstong pampanitikan. Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ang magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang Gabay sa Pagtuturo ng Panitikan sa Ikapitong Baitang.

### *1.1 Batayang Teoritikal at Konseptwal*

Ang pag-aaral na ito ay nakaugat sa mga prinsipyo ng Metakognitibong Teorya ni John Flavell (1979) at sinusuportahan ng Konstruktibistang Teorya (Piaget, 1952; Vygotsky, 1978) at Reader-Response Theory ni Louise Rosenblatt (1978). Ang mga teoryang ito ang nagsisilbing pundasyon upang suportahan ang pagiging epektibo ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa paglinang ng mapanuring pagbasa. Ang layunin ng pagsusuring ito ay hindi lamang pag-unawa sa teksto kundi ang paglinang sa kakayahan ng mag-aaral na maging metakognitibo at aktibong bumuo ng kahulugan mula sa panitikan.

Pangunahing batayan ang Metakognitibong Teorya na tumutukoy sa "pag-iisip tungkol sa pag-iisip," kung saan kailangang subaybayan at kontrolin ng mag-aaral ang sariling proseso ng pag-unawa. Sa pamamagitan ng Sistematikong Pagsusuri, ang mga mag-aaral ay tinuturuan ng estrukturadong balangkas upang magplano, mag-monitor at magtasa ng kanilang pag-iisip habang nagbabasa. Sa bawat hakbang ng pagsusuri, natutulak ang mag-aaral na magtanong sa sarili tungkol sa kanyang interpretasyon, na direktang nagpapatibay sa kaniyang metacognitive regulation at kaalaman. Kaya, ang estratehiyang ito ay nagsisilbing isang metacognitive tool na nagtuturo sa mag-aaral ng tamang pag-iisip sa proseso ng pagsusuri.

Kaugnay nito, binibigyang-diin ng Konstruktibistang Teorya na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan ang mga mag-aaral ang bumubuo ng bagong kaalaman batay sa karanasan at interaksyon. Ang Sistematikong Pagsusuri ay nagbibigay-daan sa aktibong pagbuo ng kahulugan sa halip na pasibong pagtanggap lamang.


Ayon kay Vygotsky, ang scaffolding na ibinibigay ng Sistematikong Pagsusuri ay nagtutulak sa mga mag-aaral na umabot sa mas mataas na antas ng pag-unawa (ZPD). Ito ay sinusuportahan ng Reader-Response Theory, na naglalagay sa ugnayan ng mambabasa at teksto bilang sentro ng pagbasa. Sa paggamit ng Sistematikong Pagsusuri, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na iugnay ang sarili sa akda (transaksiyon) at maipahayag ang kanilang personal na interpretasyon bago tuluyang isagawa ang mas malalim na pagsusuri.

Sa kabuuan, ang pagsasanib ng mga teoryang ito ang nagpapaliwanag kung paanong ang Sistematikong Pagsusuri ay magagamit upang aktibo at metakognitibong malinang ang mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral.

Batay sa mga teoryang ito, binuo ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral sa pamamagitan ng Input–Process–Output (IPO) Model, na naglalarawan ng daloy ng pagsasakatuparan ng pag-aaral.

Sa susunod na pahina, makikita sa Pigura 1 ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral na ito. Ang pag-aaral ay gumagamit ng Input–Process–Output (IPO) Model bilang metodolohikal na batayan sa pagsusuri ng bisa ng Sistematikong Pagsusuri sa paglinang ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng modelong ito ang malinaw na ugnayan ng mga

salik mula sa inilahad na materyal (input), sa isinagawang proseso ng pagtuturo (process), hanggang sa nabuong resulta o kinalabasan (output) na nagsisilbing pundasyon sa pagbuo ng mga rekomendasyon tungo sa mas epektibong pagtuturo ng panitikan.




**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng mapanuring pagbasa sa panitikan ng mga mag-aaral sa ikapitong Baitang ng Doña Rosario National High School at alamin ang bisa ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng panitikang pampaaralan.

Gumamit ng kontekstuwalisadong alamat na hango sa lokal na komunidad at ipinatupad ang Sistematikong Pagsusuri upang masukat ang pag-unlad ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral.

Upang matiyak ang akademikong batayan at pormal na estruktura ng pananaliksik, ang mga katanungang inilahad sa pag-aaral na ito, pati na rin ang binuong kagamitang pampagtuturo, ay mahigpit na iniangkla sa mga itinakdang Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competencies) ng Ikapitong Baitang sa asignaturang Filipino ng Kagawaran ng Edukasyon. Partikular na pinagbatayan ang mga kodigong F7PN-Ia-b-1 para sa pag-unawa sa nilalaman, F7PB-Ia-b-1 para sa pagsusuri ng estruktura at anyo, at F7PB-Ic-d-2 para sa paglalahad at antas ng pag-unawa sa akda.

Partikular, tinutukoy ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kasalukuyang antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon batay sa mga sumusunod na aspekto:

1.1 Pag-unawa sa nilalaman ng kwento

1.2 Pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda

1.3 Paglalahad at Antas ng pag-unawa sa akda

2. Mayroon bang makabuluhang pagbabago sa antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng Sistematikong Pagsusuri?

3. Paano nakatulong ang Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikang pampaaralan ng mga mag-aaral?

4. Batay sa mga aspektong hindi naging epektibo sa pagtuturo, partikular sa pagsusuri ng banghay o ugnayan ng mga pangyayari, anong mga karagdagang estratehiya ang iminumungkahi upang mapabuti ang implementasyon ng Sistematikong Pagsusuri?

## 2. METODOLOHIYA

### *2.1 Desinyo ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong deskriptib-ebalwator (descriptive–evaluative) na may pre-test at post-test upang suriin ang bisa ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan at sa paglinang ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Doña Rosario National High School-Annex.

Upang maging malinaw, konsistent at sistematiko ang pagpapatupad ng disenyong ito ang buong proseso ay isinagawa sa tatlong pangunahing yugto:

1. Yugto Bago ang Interbensyon (Pre-intervention Phase): Sa yugtong ito, ibinigay ang pre-test gamit ang Talaan ng Katanungan upang masukat ang kasalukuyan at panimulang antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral sa panitikan bago ilapat ang estratehiya.

2. Yugto ng Interbensyon (Intervention Phase): Matapos makuha ang panimulang datos, ipinatupad ang Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan gamit ang kontekstuwalisadong "Alamat ng Baaramgay ng Doña Telesfora" bilang pangunahing materyal.

3. Yugto Pagkatapos ng Interbensyon (Post-intervention Phase): Sa huling yugto, isinagawa ang post-test upang masukat ang pagbabago o pinal na pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral. Kasabay nitong ipinamahagi ang Talatanungan sa Bisa ng Sistematikong Pagsusuri upang malaman ang pananaw ng mga kalahok sa kahalagahan ng ginamit na estratehiya.

Ang paghahambing at pagsusuri sa resulta ng pre-test at post-test ang nagsilbing pangunahing batayan upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa antas ng mapanuring pagbasa, at kung naging mabisa ang Sistematikong Pagsusuri bilang isang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Ang kinalabasan ng disenyong ito ang gagamiting saligan sa pagbuo ng Gabay sa Pagtuturo ng Panitikan sa Ikapitong Baitang na siyang pinal na awtput ng pananaliksik.

### *2.2 Respondante ng Pananaliksik*

May tatlumpu't siyam (39) na lalaki at apatnapu't dalawa (42) na babae, na may kabuuang bilang na walumpu't isa (81) na respondente ang isinagawang pananaliksik na ito mula sa ikapitong (7) baitang sa Doña Rosario National High School-Annex sa taong panuruan 2025–2026.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pamamaraan ng pagkuha sa kabuuang populasyon (complete enumeration) sa pagpili ng mga respondente, kung saan ang lahat ng opisyal na nakatalang mag-aaral sa nasabing baitang ng paaralan ay naging aktwal na kasangkot sa pagsasagawa ng eksperimento at pangangalap ng datos. Ang tanging pamantayan sa pagpili ay ang opisyal na talaan ng pagpapatala ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng naturang paaralan para sa kasalukuyang taong panuruan.

### *2.3 Lokasyon ng Pag-aaral*

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Doña Rosario National High School-Annex na matatagpuan sa Barangay Doña Telesfora, Tubay, Agusan del Norte. Ang institusyong ito ay isang pampublikong paaralang sekondarya at nagsisilbing extension campus ng pangunahing paaralan na naglalayong makapagbigay ng de-kalidad na edukasyon para sa mga kabataan sa nasabing barangay at sa mga karatig-pook nito.

Bilang isang lumalagong institusyon, ang paaralan ay may sapat na mga pasilidad upang suportahan ang akademikong pangangailangan sa Junior High School, partikular na sa Ikapitong Baitang. Binubuo ito ng mga dedikadong guro na nagsisikap na itaguyod ang literasiya, pagpapahalaga sa lokal na kultura, at makabagong pamamaraan sa pagtuturo kahit na ang komunidad ay malayo sa pangunahing sentro ng bayan.

Pinili ang Doña Rosario National High School-Annex bilang lokasyon ng pananaliksik dahil ang kapaligiran at mga mag-aaral dito ang direktang makikinabang sa kontekstuwalisadong kagamitan na "Alamat ng Barangay ng Doña Telesfora". Itinuturing na pinakaangkop ang pook na ito para sa pagsusuri sapagkat ang mga kalahok ay naninirahan sa mismong komunidad kung saan nagmula ang kasaysayan at tradisyong naging inspirasyon sa pagbuo

ng akda. Ang ganitong kalagayan ay nagbigay ng mas malalim na konteksto at personal na koneksyon sa mga mag-aaral upang mas malinang ang kanilang kasanayan sa mapanuring pagbasa sa panitikan.

***2.4 Instrumento ng Pananaliksik***

Ang instrumento ng pananaliksik na ito ay binuo upang masukat ang antas ng mapanuring pagbasa sa panitikan ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Doña Rosario National High School-Annex. Ginamit sa pag-aaral ang dalawang pangunahing kagamitan: (1) ang Talaan ng Katanungan na nagsilbing instrumento para sa Pre-test at Post-test ng mga mag-aaral, at (2) ang Talatanungan sa Bisa ng Sistematikong Pagsusuri.

Ang Talaan ng Katanungan (Pre-test at Post-test) ay nakabatay sa kontekstuwalisadong lokal na akda na pinamagatang "Alamat ng Barangay ng Doña Telesfora." Layunin nitong masukat ang antas ng mapanuring pagbasa ng mga kalahok batay sa kabuuang tatlumpung (30) aytem na hinati sa tatlong pangunahing aspekto:

Pag-unawa sa Nilalaman: Sinusuri dito ang kakayahan ng mga mag-aaral na matukoy ang pangunahing ideya, mahahalagang detalye, at kaisipan sa binasang akda. Binubuo ito ng sampung (10) aytem na naglalayong masukat ang lawak ng pag-unawa sa mga pangyayari at mensahe ng alamat.

Pagsusuri ng Estruktura at Anyo: Tinataya nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na suriin ang pagkakabuo ng banghay, tagpuan, tauhan, at iba pang elementong pampanitikan. Binubuo rin ito ng sampung (10) aytem na nakatuon sa kasanayan sa pagsusuri ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at sa estruktura ng kuwento.

Paglalahad at Antas ng Pag-unawa: Sinusukat nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay ng sariling interpretasyon sa mga kaisipan, mensahe, at aral na nakapaloob sa akda. Binubuo ito ng sampung (10) aytem na naglalayong matukoy kung paano naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga pangyayari sa kanilang sariling pananaw at lokal na kultura.

Bilang karagdagang instrumento, ginamit din ang Talatanungan sa Bisa ng Sistematikong Pagsusuri upang masukat ang pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa paglalapat ng nasabing estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Layunin ng talatanungan na alamin kung paano nakatulong ang Sistematikong Pagsusuri sa mas malalim na pag-unawa at

pagpapahalaga sa mga tekstong pampanitikan, gayundin kung naging mabisa ito sa pagpapaunlad ng kanilang mapanuring pagbasa.

Ang Talatanungan sa Bisa ng Sistematikong Pagsusuri ay binubuo ng sampung (10) pahayag na sinagutan ng mga respondente gamit ang limang puntos na Likert Scale: 5 – Lubos na Sumasang-ayon, 4 – Sumasang-ayon, 3 – Katamtamang Sumasang-ayon, 2 – Hindi Sumasang-ayon, at 1 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon.

Ang talatanungang ito ay isang sariling-gawang instrumento (researcher-made instrument) na orihinal na binuo at dinisenyo ng mananaliksik. Ang mga aytem at partikular na tanong dito ay binalangkas batay sa mga itinakdang pamantayan at kasanayan ng K to 12 at MATATAG Kurikulum sa asignaturang Filipino para sa Ikapitong Baitang, gayundin sa anim (6) na tiyak na hakbang ng estratehiyang Sistematikong Pagsusuri na ipinatupad sa pag-aaral. Upang matiyak ang pormal na legalidad, katumpakan, at kaangkupan ng nilalaman nito, ang sariling-gawang instrumentong ito ay dumaan sa masusing proseso ng ekspertong balidasyon (expert validation) sa pangunguna ng mga dalubhasa sa larangan ng wika, edukasyon at pananaliksik bago ito pormal na ipinamahagi.

### *2.5. Istatistikong Ginamit sa Pag-aaral*

Upang masuri, mailahad, at mabigyan ng wastong interpretasyon ang mga datos na nakalap mula sa Talaan ng Katanungan (Pre-test at Post-test) at Talatanungan sa Bisa ng Sistematikong Pagsusuri, gagamitin ang mga sumusunod na estadistikal na pamamaraan:

**Mean Percentage Score (MPS).** Ang pamamaraang ito ay gagamitin upang makuha ang katamtamang marka at matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mapanuring pagbasa bago at pagkatapos ng interbensyon. Ito ang gagamiting istatistika upang sagutin ang Suliranin 1.

**Paired Sample T-test**. Gagamitin ang istatistikang ito upang suriin kung mayroong makabuluhang pagkakaiba (significant difference) sa pagitan ng mga marka ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ilapat ang Estratehiya ng Sistematikong Pagsusuri. Ang pamamaraang ito ang partikular na sasagot sa Suliranin 2 ng pag-aaral

**Mean.** Gagamitin ang istatistikang ito upang makuha ang pangkalahatang katamtamang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa mga pahayag na nakapaloob sa Likert-scale questionnaire. Ito ang gagamiting batayan upang malaman ang pananaw at pagtasa ng mga kalahok sa kabisaan ng interbensyon, na siyang sasagot sa Suliranin 3 ng pag-aaral.

## 3. RESULTA AT DISKUSYON

**Suliranin 1. Ano ang kasalukuyang antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon batay sa mga sumusunod na aspekto sa Pag-unawa sa nilalaman ng kwento, Pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda, at Paglalahad at Antas ng pag-unawa sa akda?**

Batay sa datos ng talahanayan 1 ipinakita nito ang kasalukuyang antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago isagawa ang interbensyon. Ito ay nakatuon sa pagsusuri ng kanilang pag-unawa sa nilalaman ng kwento ayon sa iba't ibang aspekto, na magsisilbing batayang datos para sa paghahambing matapos ang implementasyon ng interbensyon.

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng kasalukuyang antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago ang isinagawang interbensyon. Batay sa resulta, ang pag-unawa sa nilalaman ng kuwento ay may bahagdan ng karaniwang iskor na 49.80, ang pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda ay may 49.90, at ang paglalahad at antas ng pag-unawa sa akda ay may 46.50. Ang lahat ng ito ay nasa mababang antas ng kahusayan, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may kakulangan sa mahahalagang kasanayan sa mapanuring pagbasa.

***Talahanayan 1. Kasalukuyang Antas ng Mapanuring Pagbasa ng mga Mag-aaral Bago ang Interbensyon Batay sa mga Sumusunod na Aspekto sa Pag-unawa sa Nilalaman ng Kwento, Pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda, at Paglalahad at Antas ng pag-unawa sa akda.***

| Mapanuring Pagbasa | Mean Percentage Scores | Berbal na Deskripsiyon | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa sa nilalaman ng kwento | 49.80 | Mababang Antas ng Kahusayan | Nangangailangan ng interbensyon |
| Pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda | 49.90 | Mababang Antas ng Kahusayan | Nangangailangan ng interbensyon |
| Paglalahad at Antas ng pag-unawa sa akda | 46.50 | Mababang Antas ng Kahusayan | Nangangailangan ng interbensyon |

***Leyenda:** Mataas na Antas ng Kahusayan 75% - 100%, Katamtamang Antas ng Kahusayan 50% - 74%, Mababang Antas ng Kahusayan 0% - 49% (Nurul & Suziyani, 2018)*

Ito ay ayon sa dulog na ginamit nina Nurui at Suziyani (2018) na ang marka na nakuha ng mag-aaral ay hindi umabot sa katatamtamang antas na kahusayan na 50%. Ipinapakita rin nito

na hindi pa lubos na nahuhubog ang kanilang kakayahan sa mas mataas na antas ng pag-iisip tulad ng pagsusuri, interpretasyon, at paglalapat ng kaalaman.

Ang mababang antas sa kakayahan ng mapanuring pagbasa ay sumasalamin na ang mga mag-aaral ay mababa rin ang antas ng pag-unawa at komprehesiyon. Ito ay dulot ng kawalan ng interes at hindi paglaan ng oras para sa mga gawain ng pagbasa. Ang datos ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng isang sistematiko, malinaw at gabay na estratehiya upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral.

Ayon kina Catacutan, Calisang, at Fabila (2024), isa sa mga pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ay ang mababang antas ng komprehensiyon sa pagbasa dulot ng kakulangan sa angkop na estratehiya. Sinusuportahan din ito nina Mirasol (2024) na bagaman may kamalayan ang mga mag-aaral sa mga estratehiya, kulang naman ang kanilang aktwal na pagganap, kaya kinakailangan ang mas organisado at sistematikong gabay.

Dagdag pa rito, na ang paggamit ng Strategic Intervention Material (SIM) ay epektibong paraan upang malinang ang mapanuring pagbasa sa pamamagitan ng sunod-sunod na hakbang sa pagkatuto, ani nina Aspillaga (2021). Kaugnay nito, natukoy nina Luga et al. (2024) na karamihan sa mga mag-aaral ay may mababang antas ng kasanayan sa pagbasa, kaya inirerekomenda ang paggamit ng sistematikong estratehiya at instructional materials upang mapahusay ang kanilang pag-unawa .

Malinaw na inilahad na ang mababang antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral ay nangangailangan ng agarang interbensyon. Ipinapakita ng mga kaugnay na pag-aaral na ang paggamit ng sistematikong pamamaraan at angkop na materyales sa pagtuturo ay mahalagang hakbang upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pag-unawa at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.

**Talahanayan 2.** ***Kasalukuyang Antas ng Mapanuring Pagbasa ng mga Mag-aaral pagkatapos nang Interbensyon Batay sa mga Sumusunod na Aspekto sa Pag-unawa sa Nilalaman ng Kwento, Pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda, at Paglalahad at Antas ng pag-unawa sa akda.***

| **Mapanuring Pagbasa** | **Mean Percentage Scores** | **Berbal na Deskripsyon** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa sa nilalaman ng kwento | 77.70 | Mataas na Antas ng Kahusayan | Mataas na Kahusayan; Epektibo ang interbensyon |
| Pagsusuri ng estruktura at anyo ng | 75.60 | Mataas na Antas ng Kahusayan | Mataas na Kahusayan; Epektibo ang interbensyon |

| | | | |
|---|---|---|---|
| akda | | | |
| Paglalahad at Antas ng pag-unawa sa akda | 75.40 | Mataas na Antas ng Kahusayan | Mataas na Kahusayan; Epektibo ang interbensyon |

***Leyenda:*** *Mataas na Antas ng Kahusayan 75% - 100%, Katamtamang Antas ng Kahusayan 50% - 74%, Mababang Antas ng Kahusayan 0% - 49% (Nurul & Suziyani, 2018)*

Ang talahanayan 2 ay naglalahad ng kasalukuyang antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon ay nasa mataas na antas ng kahusayan sa lahat ng aspekto. Ang pag-unawa sa nilalaman ng kwento ay nakapagtala ng pinakamataas na Mean Percentage Score (77.70), na nangangahulugang mahusay na nauunawaan ng mga mag-aaral ang pangunahing ideya at detalye ng teksto.

Samantala, ang pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda (75.60) at ang paglalahad at antas ng pag-unawa sa akda (75.40) ay nagpapakita rin ng mataas na kakayahan sa mas malalim na pag-aanalisa at pagpapahayag. Ang paggamit ng sistematikong pagsusuri ang nagbunsod ng pagtaas ng marka ng mag-aaral mula sa pag-unawa sa nilalaman ng kwento, pagsusuri sa akda at pag-unawa sa akda.

Ang isinagawang interbensyon ay naging epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan sa mapanuring pagbasa. Lalo na kung ang materyal na ginamit sa pagbasa ay kontekstwalisado, mas nagkakaroon ng interes ang mag-aaral na alamin ang kontekstong lokal ng kanilang lugar. Gayunpaman, mapapansin na bahagyang mas mataas ang marka sa literal na pag-unawa kumpara sa pagsusuri at interpretasyon, na nagpapakita na mas nangangailangan pa ng pagpapaigting ang higher-order thinking skills ng mga mag-aaral. Iminumungkahi nito ang patuloy na paggamit ng mga gawaing nakatuon sa analitikal at kritikal na pag-iisip upang higit pang mapalalim ang kanilang kakayahan.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay sinusuportahan nina Alek at Van-Tuyen Nguyen (2023), ang paggamit ng systematic guided reading strategies ay nakatutulong upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto sa pamamagitan ng organisadong proseso ng pagbasa . Gayundin, binigyang-diin ni Aspillaga (2021) na ang Strategic Intervention Material (SIM) ay epektibong kasangkapan sa paglinang ng mapanuring pagbasa dahil sa malinaw nitong hakbang sa pagkatuto.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Ramsa at Rawian (2021) at Castillo at Hernandez (2024) na ang sistematikong estratehiya at teorya sa pagbasa ay mahalaga sa pagpapalalim ng comprehension at kritikal na pagsusuri ng mga mag-aaral . Pinatutunayan ng mga pag-aaral

na ang istrukturado at gabay na pagtuturo sa pagbasa ay may malaking ambag sa pagtaas ng antas ng mapanuring pagbasa, na malinaw na nasasalamin sa resulta ng talahanayan.

**Suliranin 2. Mayroon bang makabuluhang pagbabago sa antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng Sistematikong Pagsusuri?**

Upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral, inihambing ang kanilang pagganap sa pretest at posttest matapos ang pagpapatupad ng Sistematikong Pagsusuri. Layunin nitong alamin kung ang isinagawang interbensyon ay nagdulot ng pag-unlad sa kanilang kakayahan sa pag-unawa, pagsusuri, at paglalahad ng mga akdang pampanitikan.

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang resulta ng estadistikal na pagsusuri upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pretest at posttest.

Talahanayan 3

***Makabuluhang pagkakaiba sa antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng Sistematikong Pagsusuri.***

| Post test | Pre test | Test Statistic | Mean Difference | p-value | Decision | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pag-unawa sa nilalaman ng kwento | | 10.3 | 1.62 | <.001 | Tinatanggihan ang Null Hypothesis | May Makabuluhang Pagkakaiba |
| Pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda | | 10.4 | 2.57 | <.001 | Tinatanggihan ang Null Hypothesis | May Makabuluhang Pagkakaiba |
| Paglalahad at Antas ng pag-unawa sa akda | | 10.7 | 2.89 | <.001 | Tinatanggihan ang Null Hypothesis | May Makabuluhang Pagkakaiba |

***Leyenda*** *Ang p-value ≤ 0.05 ay nangangahulugang tinatanggihan ang null hypothesis at may makabuluhang pagkakaiba, samantalang ang p-value > 0.05 ay nangangahulugang tinatanggap ang null hypothesis at walang makabuluhang pagkakaiba*

Ang Talahanayan 3 ay nagtatampok na may makabuluhang pagbabago sa antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng Sistematikong Pagsusuri. Sa tatlong aspekto—pag-unawa sa nilalaman ng kwento, pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda, at paglalahad at antas ng pag-unawa sa akda—lahat ay may p-value na < .001, na mas mababa sa itinakdang antas na 0.05. Dahil dito, tinatanggihan

ang null hypothesis sa lahat ng aspekto, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pre-test at post-test. Ang positibong oryentasyong ito ay bunga ng paghahambing kung saan ibinawas ang paunang marka (pre-test) mula sa mas mataas na huling marka (post-test) ng mga mag-aaral. Ang kinalabasang ito ay malinaw na indikasyon ng makabuluhang pagtaas sa pagganap at kakayahan ng mga mag-aaral mula pre-test patungong post-test, na sumasalamin sa positibong epekto ng Sistematikong Pagsusuri sa kanilang kasanayan sa mapanuring pagbasa.

Ang kinalabasang ito ay malinaw na indikasyon ng makabuluhang pagtaas sa pagganap at kakayahan ng mga mag-aaral mula pre-test patungong post-test, na sumasalamin sa positibong epekto ng Sistematikong Pagsusuri sa kanilang kasanayan sa mapanuring pagbasa.

Ang mean difference naman na 1.62 sa pag-unawa sa nilalaman ng kwento, 2.57 sa pagsusuri ng estruktura at anyo ng akda, at 2.89 sa paglalahad ng antas ng pag-unawa sa akda ay lalo pang nagpapatunay na nagkaroon ng malaking pag-unlad sa kanilang mapanuring pagbasa matapos ang interbensyon. Ipinapakita nito na ang Sistematikong Pagsusuri ay naging epektibo hindi lamang sa pag-unawa ng nilalaman kundi pati sa mas mataas na antas ng kasanayan tulad ng pagsusuri at pagpapahayag ng pag-unawa.

Ang paggamit ng isang sistematikong pamamaraan ay nakatutulong sa makabuluhang pagtaas ng kasanayan sa pagbasa. Iminumungkahi nito na dapat ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng ganitong estratehiya sa silid-aralan upang higit pang mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at ang komprehensiyon ng mga mag-aaral, lalo na sa pagsusuri at interpretasyon ng mga akdang pampanitikan.

Ayon kina Alek at Van-Tuyen Nguyen (2023), ang systematic guided reading strategies ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto . Gayundin, ipinakita ni Aspillaga (2021) na ang paggamit Gayundin, ipinakita ni Aspillaga (2021) na ang paggamit ng Strategic Intervention Material (SIM) ay epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan sa mapanuring pagbasa sa pamamagitan ng sunod-sunod at organisadong hakbang . Dagdag pa rito, pinatutunayan nina Catacutan et al. (2024) na ang kakulangan sa estratehiya sa pagbasa ay nagiging sanhi ng mababang comprehension, kaya't ang paggamit ng sistematikong interbensyon ay mahalaga upang makamit ang makabuluhang pag-unlad .

Sa kabuuan, malinaw na ang Sistematikong Pagsusuri ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng isang organisado at gabay na estratehiya ay nakapagpapalalim ng kanilang pag-unawa at kasanayan sa pagsusuri ng teksto lalo na kung ang gagamiting materyal ay

kontekstwalisado. Samakatuwid, ang ganitong pamamaraan ay maaaring ituring na isang mabisang lapit sa pagtuturo ng panitikan na nagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto.

**Suliranin 3. Paano nakatulong ang Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikang pampaaralan ng mga mag-aaral?**

Sinuri ang epekto ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikang pampaaralan batay sa persepsyon ng mga mag-aaral. Layunin nitong matukoy kung paano nakaapekto ang isinagawang interbensyon sa kanilang interes, pag-unawa, at kakayahang magsuri ng akdang pampanitikan.

**Talahanayan 4 Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikang pampaaralan ng mga mag-aaral.**

| **Mga Tanong** | **Mean** | **Berbval na Deskripsyon** | **Berbal na Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. Ang nilalaman ng Alamat ng Doña Telesfora ay angkop sa aking antas kaya lubusan ko itong naunawaan | 4.62 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 2. Sa tulong ng Sistematikong Pagsusuri, naging madali para sa akin ang pagtukoy sa mahahalagang pangyayari sa alamat | 4.44 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 3. Ang mga detalye sa alamat na aking binasa ay nakapukaw ng aking interes dahil ito ay tungkol sa aming barangay | 4.58 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 4. Ang paksa ng Alamat ng Doña Telesfora ay malinaw at nakatulong sa pagkamit ng layunin ng aming aralin | 4.47 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 5. Ang pagkakaayos ng mga elemento (tauhan at tagpuan) sa binuong alamat ay simple at hindi nakalilito | 4.42 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 6. Mas malinaw kong nasuri ang ugnayan ng mga pangyayari (banghay) sa alamat gamit ang Sistematikong Pagsusuri. | 4.31 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 7. Ang mga salitang ginamit sa tekstong ito ay angkop sa aking kakayahan kaya madali kong nasuri ang anyo nito. | 4.49 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 8. Ang daloy ng kwento sa Alamat ng Doña Telesfora ay kawili-wili at nakatulong ito sa pagsusuri ng katangian. | 4.54 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 9. Ang Sistematikong Pagsusuri sa alamat ay humamon sa akin na mag-isip | 4.53 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |

| | | | |
|---|---|---|---|
| nang malalim tungkol sa mensahe nito | | | |
| 10. Nakatulong ang alamat upang makapagbigay ako ng sariling interpretasyon sa mga aral na nakapaloob dito. | 4.48 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 11. Ang mga pangyayari sa Alamat ng Doña Telesfora ay nagturo sa akin ng pagpapahalaga sa aming lokal na kultura. | 4.57 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| 12. Sa kabuuan, ang binuong alamat ay epektibong katuwang sa pagpapaunlad ng aking mapanuring pagbasa | 4.64 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubos na nakatulong |
| **Mean** | **4.51** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **Lubos na nakatulong** |

***Leyenda:*** *Lubos na Sumasang-ayon 4.21 - 5.00, Sumasang-ayon 3.41 - 4.20, 3 - Katamtamang sumasang-ayon 2.61 - 3.40, Hindi Sumasang-ayon 1.81 - 2.60, Lubos na Hindi Sumasang-ayon 1.00 - 1.80*

Ipinapakita ng talahanayan 4 na ang Sistematikong Pagsusuri ay lubos na nakatulong sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikang pampaaralan ng mga mag-aaral. Ang kabuuang weighted mean na 4.51 ay may katumbas na Lubos na Sumasang-ayon, na nangangahulugang positibong tinanggap ng mga mag-aaral ang estratehiya. Lahat ng pahayag ay nakapagtala ng mataas na marka (4.31–4.64), na nagpapakita na naging epektibo ang interbensyon sa iba't ibang aspekto tulad ng pag-unawa sa nilalaman, pagsusuri ng estruktura, at pagbibigay ng sariling interpretasyon. Pinakamataas ang pahayag na ang alamat ay epektibong katuwang sa pagpapaunlad ng mapanuring pagbasa (4.64), na nagpapakita ng kabuuang bisa ng estratehiya.

Makikita rin na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas mataas na antas ng interes at koneksyon sa aralin, lalo na sa mga pahayag na may kaugnayan sa lokal na konteksto, gaya ng pagpapahalaga sa sariling kultura (4.57) at interes sa kwento dahil ito ay tungkol sa kanilang bayan (4.58). Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng kontekstuwalisadong panitikan ay nakatutulong upang maging mas makabuluhan ang pagkatuto. Bukod dito, ang mataas na marka sa mga pahayag hinggil sa pagsusuri ng banghay, wika, at mensahe ay nagpapakita na nahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-iisip.

Ang Sistematikong Pagsusuri ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan dahil napalalalim nito hindi lamang ang pag-unawa kundi pati ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa akda. Iminumungkahi nito na ang mga guro ay dapat magpatuloy sa paggamit ng mga istrukturado at gabay na estratehiya upang mapalakas ang mapanuring pagbasa.

Gayundin, mahalaga ang paggamit ng mga lokal at kontekstuwalisadong materyales upang higit na mapataas ang interes at partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang ganitong pamamaraan ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mas epektibong instructional materials sa Filipino.

Ayon kina Alek at Van-Tuyen Nguyen (2023), ang systematic guided reading strategies ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto sa pamamagitan ng organisadong proseso ng pagbasa . Gayundin, ipinakita nina Alicwadey at Lagawid (2025) na ang paggamit ng mga estratehiyang pampanitikan ay nakapagpapalawak ng kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa panitikan

Bukod pa rito, binigyang-diin nina Angeles et al. (2022) at Sambayon (2023) na ang paggamit ng kontekstuwalisadong materyales ay nagpapataas ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral dahil naiuugnay nila ito sa kanilang sariling karanasan . Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga literaturang ito na ang sistematikong at kontekstuwalisadong pagtuturo ay mahalagang salik sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikang pampaaralan.

**Suliranin 4. Batay sa mga aspektong hindi naging epektibo sa pagtuturo, partikular sa pagsusuri ng banghay o ugnayan ng mga pangyayari, anong mga karagdagang estratehiya ang iminumungkahi upang mapabuti ang implementasyon ng Sistematikong Pagsusuri?**

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, bagaman naging mabisa ang pangkalahatang implementasyon ng estratehiya, natukoy na aspekto ng pagsusuri sa ugnayan ng mga pangyayari o banghay ng alamat ang nakakuha ng pinakamababang mean. Upang direktang mapabuti ang aspetong ito na hindi lubos na naipatupad nang epektibo, mariing inirerekomenda ang pagpapasok ng mga estratehikong graphic organizer (tulad ng plot diagrams, flowcharts, o story mountains) sa loob ng worksheet ng Sistematikong Pagsusuri. Ang mga biswal na kagamitang ito ay magsisbing lohikal na gabay upang mas madaling matunton at mapag-ugnay-ugnay ng mga mag-aaral ang daloy ng mga pangyayari sa kuwento, sa halip na nakakahon lamang sila sa purong tekstong katanungan. Bukod dito, iminumungkahi rin ang paglalaan ng mas malawak na oras ng guro sa pagmomodelo (explicit scaffolding) sa pagsusuri ng istruktura ng akda bago tuluyang bitawan ang mga mag-aaral sa kanilang sariling pagsagot.

Kaugnay nito, mahalagang bigyang-diin ang pagpapaigting ng higher-order thinking skills (HOTS) sa pamamagitan ng pagdidisenyo ng mga gawaing nakatuon sa pagsusuri,

interpretasyon, at pagbibigay ng sariling pananaw upang higit pang mapalalim ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Iminumungkahi rin ang pagbuo at patuloy na pagpapaunlad ng kontekstuwalisadong materyal na nakaangkla sa MATATAG Curriculum, tulad ng nabuong Alamat ng Doña Telesfora, na maaaring magsilbing pangunahing batayan sa paglinang ng mapanuring pagbasa. Ang materyal ay nararapat na isang maayos, organisado, at angkop na tekstong pampanitikan para sa mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang. Dapat tiyakin na ang mga katanungan ay nakatuon lamang sa tekstong ginawa ng may-akda upang mapanatili ang pokus at balido ng pagsusuri, at magsilbing lunsaran ng sistematikong pagsusuri na sumasaklaw sa literal, inferensyal, at kritikal na antas ng pag-unawa.

Mahalaga ring maiwasan ang pag-uulit ng mga tanong upang maging malinaw at epektibo ang pagsukat ng pagkatuto. Bukod dito, makatutulong ang paglalagay ng mga angkop na larawan o imahe upang maging mas kawili-wili ang materyal. Siguraduhin ang wastong balarila, angkop na pagpili ng salita, maayos na estruktura ng pangungusap, at tamang pormat at spacing upang maging malinaw at madaling mabasa at maunawaan ang teksto. Sa ganitong paraan masisiguro ang epektibong pagkatuto ng mag-aaral lalo na sa bahagi ng pag-unawa at komprehensiyon.

Samantala, mahalaga ring sumailalim sa masusing balidasyon ang kontekstuwalisadong materyal na nabuo upang matiyak ang kalidad at pagiging angkop nito. Iminungkahi ng mga tagasuri ang paggamit ng alamat bilang materyal para sa Ikapitong Baitang dahil naaayon ito sa antas at interes ng mga mag-aaral. Maliban dito, ang alamat ay mayaman sa kultura at tradisyon ng lugar kung saan makakatulong sa mag-aaral na makilala ang lugar na kanilang kinalakihan. Ang mga mag-aaral magpapakita ng kawilihan sa pagbasa at pagkatuto kung ang teksto na babasahin ay may kaugnayan sa kanilang karanasan, makabuluhan at nakaugat sa sarling kultura ng mambabasa. Sa ganitong paraan mas nagkakaroon sila ng interes na basahin ang teksto.

Higit pa rito, inirerekomenda ang patuloy na pagpapahusay ng mga instructional materials tulad ng Strategic Intervention Material (SIM) upang mas mapadali ang pagkatuto sa pamamagitan ng malinaw at organisadong presentasyon ng aralin. Mahalaga rin ang pagbibigay ng regular na formative assessment at agarang feedback upang masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral at matugunan ang kanilang pangangailangan. Nakakabuti rin ang pagsasagawa ng mga pagsasanay at professional development para sa mga guro

upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng Sistematikong Pagsusuri at sa pagbuo ng mga kontekstuwalisadong materyales.

Mahalagang ipagpatuloy at paunlarin ang paggamit ng Sistematikong Pagsusuri bilang pangunahing estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Ipinakita ng pag-aaral na ang ganitong pamamaraan ay epektibong nakapagpapataas ng antas ng mapanuring pagbasa at nakatutulong sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan. Sa pamamagitan ng isang malinaw, organisado, at gabay na proseso ng pagsusuri, nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral at higit nilang napahahalagahan ang panitikan. Samakatuwid, ang Sistematikong Pagsusuri ay hindi lamang isang estratehiya sa pagtuturo kundi isang mahalagang lapit na nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip at makabuluhang pagkatuto sa larangan ng panitikan.

## 4. BUOD, KONKLUSYON AT REKOMNDASYON

### *4.1 BUOD*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan at sa paglinang ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Doña Rosario National High School. Gumamit ito ng descriptive–evaluative na disenyo na may pre-test at post-test upang masukat ang antas ng mapanuring pagbasa bago at pagkatapos ng interbensyon. May kabuuang 81 na respondente ang lumahok, at ginamit ang Talaan ng Katanungan para sa Mag-aaral at Talatanungan sa Bisa ng Sistematikong Pagsusuri bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos, na sinuri gamit ang mean, percentage, weighted mean, at paired sample t-test.

Batay sa resulta, bago ang interbensyon, ang mga mag-aaral ay nasa mababang antas ng mapanuring pagbasa na nagpapakita ng kakulangan sa pag-unawa at pagsusuri, kaya ipinatupad ang Sistematikong Pagsusuri gamit ang Alamat ng Doña Telesfora. Matapos ang interbensyon, nakamit ng mga mag-aaral ang mataas na antas sa lahat ng aspekto, lalo na sa pag-unawa, pagsusuri, at paglalahad, na kinumpirma ng p-value na mas mababa sa itinakdang lebel at positibong test statistics na nagpapakita ng makabuluhang pagtaas mula pre-test patungong post-test.

Dagdag pa, lubos na epektibo at positibong tinanggap ang interbensyon batay sa nakuha nitong pangkalahatang mean, na nagpapakita ng mataas na bisa nito sa pagpapaunlad ng mapanuring pagbasa, kaya't inirerekomenda ang patuloy na paggamit nito sa pagtuturo.

### *4.2 KONKLUSYON*

Ayon sa natuklasan ng isinagawang pananaliksik, narito ang mga sumusunod na konklusyon.

1. Ang mga mag-aaral ay nagsimula sa mababang antas ng mapanuring pagbasa bago ang interbensyon, subalit matapos itong ipatupad ay umangat sila sa mataas na antas ng kahusayan, na nagpapakita ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang pag-unawa, pagsusuri, at interpretasyon ng mga akda.
2. Gamit ang istatistikal na pagsusuri paired sanple t-Test napatunayan na may makabuluhang pagbabago sa antas ng mapanuring pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon, na nagpapatunay na epektibo ang Sistematikong Pagsusuri sa pagpapataas ng kanilang pagganap sa pagbasa.
3. Ang Sistematikong Pagsusuri ay lubos na nakatulong sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa, pagpapahalaga sa panitikan, at paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kanilang positibong persepsyon
4. Ang makabuluhang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral katuwang ang kanilang lubos na positibong pagtanggap at pagtatasa ay nagpapatunay na ang Estratehiya ng Sistematikong Pagsusuri at paggamit ng kontekstuwalisadong lokal na alamat ay isang matagumpay at mabisang interbensyon na epektibong nakatutugon sa pangangailangan na mapataas ang antas ng mapanuring pagbasa sa Ikapitong Baitang.

### *4.3 REKOMENDASYON*

Isinasaalang-alang ang mga natuklasan at konklusyon na ipinakita sa ang mga sumusunod na rekomendasyon.

**Sa mga Guro sa Filipino.** Inirerekomenda na ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng Sistematikong Pagsusuri at Strategic Intervention Material (SIM) sa pagtuturo ng panitikan upang higit pang mapaunlad ang mapanuring pagbasa, kritikal na pag-iisip, at pag-unawa ng mga mag-aaral. Mahalaga rin ang pagbuo ng mga kontekstuwalisadong gawain at pagtataya na angkop sa antas ng mga mag-aaral.

**Sa mga Guro sa Filipino.** Inirerekomenda na ipagpatuloy, palawakin, at higit pang pataasin ang antas ng pagbabahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng regular na pagdaraos ng Learning Action Cell (LAC) sessions. Ang platform na ito ay dapat gamiting opisyal na daan upang ipakilala, talakayin, at masusing masuri ang paggamit ng Sistematikong Pagsusuri at Strategic Intervention Material (SIM) sa pagtuturo ng panitikan. Sa pamamagitan nito, mas mapalalakas ang kolaborasyon ng mga guro upang higit pang mapaunlad ang mapanuring

pagbasa, kritikal na pag-iisip, at pag-unawa ng mga mag-aaral gamit ang mga kontekstuwalisadong gawain at pagtataya na angkop sa kanilang antas.

**Sa mga Mag-aaral.** Inaasahang mas aktibong makikibahagi sa mga gawain sa pagbasa at pagsusuri ng akda, at patuloy na linangin ang kanilang kasanayan sa pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay ng interpretasyon sa mga tekstong binabasa.

**Sa Tagapamahala ng Paaralan at Tagapagbalangkas ng Kurikulum**. Iminumungkahi ang pagsuporta sa paggamit ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagsasanay, materyales, at seminar-workshop para sa mga guro, gayundin ang integrasyon nito sa mga instructional plan at kurikulum.

**Sa mga Magulang at Tagapag-alaga.** Hinihikayat ang pagbibigay ng suporta at gabay sa mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa sa bahay upang mapalakas ang kanilang interes at kasanayan sa panitikan, pati na rin ang pagbibigay ng oras at motibasyon sa pag-aaral.

**Sa mga susunod na Mananaliksik.** Patloy ang pagsasagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral gamit ang mas malawak na saklaw ng respondente, iba't ibang estratehiya sa pagbasa, at iba pang asignatura upang higit pang mapatunayan at mapalawak ang bisa ng Sistematikong Pagsusuri sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Sa mga Mag-aaral.** Inaasahang mas aktibong makikibahagi sa mga gawain sa pagbasa at pagsusuri ng akda, at patuloy na linangin ang kanilang kasanayan sa pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay ng interpretasyon sa mga tekstong binabasa.

**Sa Tagapamahala ng Paaralan**. Iminumungkahi ang pagsuporta sa paggamit ng Sistematikong Pagsusuri bilang estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagsasanay, materyales, at seminar-workshop para sa mga guro, gayundin ang integrasyon nito sa mga instructional plan at kurikulum.

**Sa mga Magulang at Tagapag-alaga.** Hinihikayat ang pagbibigay ng suporta at gabay sa mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa sa bahay upang mapalakas ang kanilang interes at kasanayan sa panitikan, pati na rin ang pagbibigay ng oras at motibasyon sa pag-aaral.

**Sa mga susunod na Mananaliksik.** Patloy ang pagsasagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral gamit ang mas malawak na saklaw ng respondente, iba't ibang estratehiya sa pagbasa, at iba pang asignatura upang higit pang mapatunayan at mapalawak ang bisa ng Sistematikong Pagsusuri sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**PASASALAMAT**

Buong puso akong nagpapasalamat sa lahat ng mga taong naging bahagi ng aking tagumpay at sa institusyong naging gabay ko upang matapos ang pagsusuri at pagsusulat ng aking tesis.

Una sa lahat, itinataas ko ang pasasalamat sa **Poong Maykapal** dahil Siya ang nagkaloob ng lakas, karunungan at hindi matatawarang pagtitiyaga na naging liwanag ko sa buong paglalakbay na ito.

Malaki ang aking pagkilala sa **Graduate Studies ng Saint Joseph Institute of Technology (SJIT)** sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon na humubog sa aking personal at propesyunal na pag-unlad.

Taos-puso ang aking pasasalamat kay **Dr. Levita Grana**, ang iginagalang na katuwang ng Graduate School, para sa kanyang huwarang pamumuno na nagsisilbing inspirasyon sa mga mananaliksik. Ang kanyang dedikasyon sa pagpapanatili ng isang akademikong kapaligiran na may mataas na kalidad at dangal ay naging malaking pundasyon upang mahasa ang aking kakayahan sa larangan ng akademya.

Isang espesyal na pagkilala ang iniaalay ko para sa aking tesis adviser na si **Dr. Teresita P. Tranquilan** dahil sa kanyang walang pagod na paggabay at mahahalagang puna na nagbigay ng tamang direksyon sa aking pag-aaral. Ang kanyang malawak na karunungan at kritikal na pagsusuri ay naging instrumento upang mapataas ang kalidad ng pananaliksik na ito.

Nagpapasalamat din ako kay **Bb. Anna Lei Revilla** sa pagbabahagi ng kanyang kasanayang pangwika na naging susi upang maipahayag ko nang maayos ang aking mga ideya. Kay **Gng. Margeline C. Cabonce**, maraming salamat po sa inyong mahahalagang input at suhestiyong lalong nagpayaman sa nilalaman ng aking gawa. Ganoon din kay **Gng. Sweetvina T. Silao,** salamat po sa inyong ekspertong paggabay upang maayos kong maiugnay ang aking pananaliksik sa naging huling output ng pag-aaral na ito.

Malaking pasasalamat ang ipinaabot ko sa **Brgy. Doña Telesfora, Tubay, Agusan del Norte** sa kanilang pagtanggap at pagbibigay ng pahintulot sa aking tesis, na nagsilbi kong gabay sa pagsulat ng alamat tungkol sa kanilang mayamang kultura. Lubos kong pinasasalamatan ang **DRNHS-Annex faculty**, lalo na ang aming punong-guro na si **Dr. Juish D. Dela Victoria**, para sa inyong suporta at pagtitiwala na naging mahalaga sa pagpapabuti ng aking gawain.

Lubos ang aking pasasalamat kay **Gng. Angeline Joy S. Berou** dahil sa kanyang malasakit at talino na ibinahagi sa akin sa pamamagitan ng kanyang mga suhestiyon.

Sa aking kabiyak na si **Danbe T. Salubre**, maraming salamat sa iyong wagas na pagmamahal, suporta at sa pagiging sandigan ko sa buong panahon ng aking pagsisikap. Sa

aking anak na si **Danaiah Lyn L. Salubre** ikaw ang aking inspirasyon at ang dahilan kung bakit hindi ako sumuko sa bawat hakbang ng aking pag-aaral.

Sa huli, ang tagumpay na ito ay iniaalay ko rin sa aking mga kaibigan at pamilya dahil ang tagumpay na ito ay para rin sa inyo.

## SANGGUNIAN

1. Abaigar, B. R., Galit, G. C., & Balderian, A. L. (2024). Eksploratoring pagsusuri sa kakayahan at salik na nakaaapekto sa komprehensiyon sa pagbasa sa Filipino. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(6), 1788–1813. https://doi.org/10.5281/zenodo.12216681
2. Abu Ma'al, M., & Alshbeekat, M. (2024). The impact of storytelling on university students' reading comprehension and word recall using a systematic approach. Journal of Educational Research, Advance online publication. https://www.researchgate.net/publication/383560044_The_Impact_of_Storytelling_on_University_Students'_Reading_Comprehension_and_Word_Recall_Using_A_Systematic_Approach
3. Alek, A., & Nguyen, V. T. (2023). Online systematic guided reading strategies to improve EFL students' reading performance. XLinguae, 16(2), 69–84. https://www.researchgate.net/publication/370598881_Online_systematic_guided_reading_strategies_to_improve_EFL_students%27_reading_performance
4. Alerta, R., & Segumpan, M. V. (2023). Guided reading lessons featuring digital stories on students' reading comprehension. In Proceedings of the 3rd International Conference on Education and Technology (ICETECH 2022) (pp. 612–619). Atlantis Press. https://doi.org/10.2991/978-2-38476-056-5_59
5. Alicwadey, J. L., & Lagawid, L. C. (2025). Reader's Theatre and reading engagement: A systematic review in Philippine educational contexts. Cognizance Journal, 5(4), 12–25. https://cognizancejournal.com/vol5issue4/V5I438.pdf
6. Alindayu, H. L., Cristobal, K. A., Jose, A. L., Palattao, E. E., Panganiban, A. M., & Rivera, D. V. (2025). Reading performance level and factors affecting comprehension abilities of junior high school students: A basis for competency-based reading intervention program. Student Journal of Technology and Educational Research, 2(1), 134–149. https://doi.org/10.5281/zenodo.15738904

7. Angeles, J. A. P. R., Manaig, K. A., S. B., Yazon, A. D., & Tesoro, J. F. B. (2022). Effectiveness of Localized Reading Activity Sheets in Enhancing the Reading Skills of Grade 1 Learners A Quasi-Experimental Research Design. International Journal of Theory and Application in Elementary and Secondary School Education, 4(2), 125-136.
8. Aspillaga, E. L. (2021). Paghahanda at balidasyon ng Strategic Intervention Material (SIM) para sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pagbasa [PDF]. https://www.researchgate.net/publication/359045115_Paghahanda_at_Balidasyon_ng_Strategic_Intervention_Material_SIM_Para_sa_Paglinang_ngKasanayan_sa_Mapanuring_Pagbasa
9. Barlis, M. A. D. (2023). Improving understanding of Philippine literature among Grade 7 students: A study on the effectiveness of storyboards. International Journal of Science Research in Multidisciplinary Studies, 9(6), 47–58. https://www.researchgate.net/publication/372658528_Improving_Understanding_of_Philippine_Literature_among_Grade_7_Students_A_Study_on_the_Effectiveness_of_Storyboards
10. Bello, J., Concon, L., Polache, M. C. C., Ayaton, M. J., Manlicayan, R., Campomanes, J., & Saro, J. (2023). Contextualized and localized science teaching and learning materials and it's characteristics to improve Students' learning performance. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 7(1), 77-84.
11. Berkowitz, M. R. (2022). A comparison of guided reading and systematic phonics approaches to supplementary reading instruction (Doctoral dissertation)https://scholarworks.umass.edu/server/api/core/bitstreams/d5de13d3-b99e-42bc-9c2f-a4369fe16e09/content
12. Baranggan, J. P., Elandag, C. B. E., Belarmino, M. E. T., Yamba, S. D., & Belarmino, T. (2024). Reading challenges among junior high school students: A literature review on causes, consequences, and intervention. https://www.researchgate.net/publication/38401332
13. Booth, A., Sutton, A., & Papaioannou, D. (2021). Systematic approaches to a successful literature review (3rd ed.). SAGE Publications. https://www.torrossa.com/it/resources/an/5282271
14. Caringal, M. B., & Carada, I. G. (2024). Kontekstuwalisadong palaro bilang estratehiya sa pagtuturo at antas ng pag-unawa sa pagbasa. International Journal of Research Studies in Education, 13(15), 59–70. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24821

15. Castillo-Martínez, I. M., & Ramírez-Montoya, M. S. (2021). Research competencies to develop academic reading and writing: A systematic literature review. Frontiers in Education, 5, Article 576961 https://www.frontiersin.org/journals/education/articles/10.3389/feduc.2020.576961/full
16. Castillo, M., & Hernandez, A. (2024). Catch-Up Fridays: Pagpapaunlad ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2(2), 286–296. https://works.hcommons.org/records/410h5-z2k62
17. Catacutan, F. G., Calisang, C. P., & Fabila, S. D. C. (2024). Problema ng mga estudyante sa komprehensiyon at kanilang motibasyon sa pag-aaral. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(12). https://icceph.com/wp-content/uploads/2024/12/PROBLEMA-NG-MGA-ESTUDYANTE-SA-KOMPREHENSIYON.pdf
18. De Gracia, R. V. (2021). Developing a reading program for junior high school. Global ScientificJournal,9(4).https://www.researchgate.net/publication/374701433_Developing_a_Reading_Program_for_Junior_High_School
19. Deluao, C. J., Bernal, D. E., Padillo, J. B., & Lim, R. A. (2022). Improving the reading comprehension of Grade 8 learners using the 4Rs (Read, Retell, React, Reflect) strategy. International Journal of Humanities, Arts and Social Sciences, 7(1/2), 43–60. https://airccse.com/ijhas/papers/7222ijhas05.pdf
20. Department of Education. (2012). Policy guidelines on the implementation of Grades 1 to 10 of the K to 12 Basic Education Curriculum (DepEd Order No. 31, s. 2012). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2012/04/DO_s2012_31.pdf
21. Department of Education (2014). DepEd Order No. 32, s. 2014. Definition of Contextualization
22. Department of Education. (2016). Addendum to DepEd Order No. 3, s. 2016 (DepEd Order No. 32, s. 2016). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2016/05/DO_s2016_32.pdf
23. Department of Education. (2016). K to 12 curriculum guide: Filipino (Grades 7–10). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf
24. Department of Education. (2017). Revised guidelines on the implementation of P4,000.00 Net Take-Home Pay for Department of Education personnel (DepEd Order

No. 55, s. 2017). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2017/10/DO_s2017_055-1.pdf

25. Department of Education. (2024). Policy guidelines on the implementation of the MATATAG Curriculum (DepEd Order No. 10, s. 2024). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DO_s2024_010.pdf
26. Dinoro, A., Semilla, J.-R., Dangdang, G., Fajardo, M. F., Beldad, E., Dominguez, E., Grageda, C., & Tero, J. (2023). Assessment of the reading strategies in Philippine basic education. Asia Research Network Journal of Education, 3(2), 59–73. https://so05.tci-thaijo.org/index.php/arnje/article/view/267017
27. Dizon, E. C., & Sanchez, R. D. (2020). Improving select Grade 7 Filipino students' reading performance using the Eclectic Model. Journal on English as a Foreign Language, 3(2), 45–57. https://www.researchgate.net/publication/342708113
28. Doucet, V. (2023). A systematic literature review of the best practice for small group reading instruction (Doctoral dissertation, Trevecca Nazarene University). ProQuest LLC. https://eric.ed.gov/?q=+Systematic+approach+in+developing+reading&id=ED635319
29. Durante, P. G. C. (2025). Advancing critical literacy through critical literature pedagogy-based principles of literary education. Problems of Education in the 21st Century, 83(2), 196-213. Retrieved from https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1472539.pdf
30. Estanislao, Y. J. R. (2023). The art of digital storytelling towards students' reading comprehension. International Journal of Open-Access Interdisciplinary & New Educational Discoveries, 2(2), 573–586. https://www.researchgate.net/publication/371717404
31. Federe, R. M., Gomonid, H., Jose, J., & Genelza, G. G. (2023). Assessing the comprehension of the students in Philippine fable short stories: Basis for an intervention program. Journal of Languages, Linguistics and Literary Studies, 3(1), 37–46. https://doi.org/10.57040/jllls.v3i1.336
32. Fernando, L. L. J., & Ambayon, C. M. (2024). Reading comprehension module and students' achievement in literature. International Journal of Social Sciences and English Literature, 8, 32–36. https://www.ecsenet.com/index.php/2576-683X/article/view/196
33. Gloria, A. R. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya. Retrieved from

https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mgaEstratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

34. Halim, N., Arif, M. M., & Supramaniam, K. (2020). Enhancing reading comprehension through metacognitive reading strategies and peer tutoring among Year 7 students at a home school centre. Asian Journal of University Education, 16(1), 22–31. https://eric.ed.gov/?id=EJ1252253
35. Idris, I., Tahir, M., Syamsuddin, S., Suputra, G. K. A., Nuraini, N., Nur Hakim, N., & Gazali, G. (2025). Application of the Synthetic Analytical Structural Method to Improve the Reading Skills. Jurnal Eduscience, 12(4), 946–956. https://doi.org/10.36987/jes.v12i4.7283
36. Phimphimon, S., et al. (2024). Improving Critical Reading Abilities in 10th Graders: An Active Learning Approach. https://www.researchgate.net/publication/379493517_Improving_Critical_Reading_Abilities_in_10th_Graders_An_Active_Learning_Approach
37. Ibon Foundation. (2019, June 24). Strengthen Filipino, Panitikan and Constitution instruction in basic and tertiary education. Retrieved from https://www.ibon.org/strengthen-filipino-panitikan-and-constitution-instruction-in-basic-and-tertiary-education/
38. Imperial, J. M., & Ong, E. (2021). Diverse linguistic features for assessing reading difficulty of educational Filipino texts. https://arxiv.org/abs/2108.00241
39. Indiongco, S., De Jesus, A., De Los Reyes, B., Lola, A., Magsisi, E., Marcelo, J., Reyes, N., & Soria, P. (2025). Improving reading comprehension of Grade 7 students from UST Education High School using critical reading strategies on learner-chosen texts. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9(4), 1377-1405. https://rsisinternational.org/journals/ijriss/articles/improving-reading-comprehension-of-grade-7-students-from-ust-education-high-school-using-critical-reading-strategies-on-learner-chosen-texts/
40. Istiqomah, R. F., Astuti, D. K., & Solikhah, M. (2021). Improving students' reading ability by using Fix-Up strategy at the tenth grade of SMKN 1 Negeri Katon in the academic year of 2020/2021. Jurnal Ilmiah Mahasiswa Pendidikan Bahasa Inggris, 8(2).https://eskripsi.stkippgribl.ac.id/index.php/jees/article/view/377
41. Key Reading Strategies. (2023). What is direct, systematic and explicit instruction? https://keystoliteracy.com/blog/what-is-direct-systematic-and-explicit-instruction/

42. Layam, S., & De la Cruz, C. A. P. (2024). Exploring the National Reading Program implementation at Managok National High School. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/383202880_Exploring_The_National_Reading_Program_Implementation_of_Managok_National_High_School
43. Lestari, D., & Purwanti, L. (2021). Developing Critical Reading through Systematic Text Analysis in Junior High School. Nusantara Journal of Education. https://journal.unnes.ac.id/nju/index.php/edu/article/view/29184
44. Lingvanex Dictionary. (2023). Panitikan (literature): Meaning & definition. https://lingvanex.com/dictionary/meaning/tagalog/panitikan/
45. Lorenzo, A. A. (2022). Strategies in teaching 21st century literature: Results froma systematic review of literature. Ilocos Sur Polytechnic State College, SEEN Journal, 2(1). https://doi.org/10.56901/SEEN3426
46. Manaoat, H. G. D. (2024) Text Annotation as a Reading and Metacognitive Strategy: A Systematic Review of Literature. International Journal of Research and Innovation in Social Science. https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2024.802168
47. Mangompit, R. M. M., Plasencia, N., Pielago, M. R., Romeo, A., & iba pa. (2022).Reading comprehension component of Grades 7 and 8 English and Filipino textbooks. Cebu Technological University. https://doi.org/10.52751/XZFG8868
48. Mendoza, L. R. (2023). Mga batayan at kaalaman sa mapanuring pagbasa. ResearchGate.https://www.researchgate.net/publication/374338258_Mga_Batayan_at_Kaalaman_sa_Mapanuring_Pagbasa
49. Mirasol, J. (2024). Exploring Junior High School Students' Critical Reading Strategies and Reading Performance. https://www.researchgate.net/publication/385108510_Title_exploring_junior_high_school_students%27_critical_reading_strategies_and_reading_performance
50. Odvina, R. A., Baylon, L. A., Ayop, R. M., & Evardo Jr., O. J. (2024). Use of cybergogy in improving reading comprehension among high school students: A systematic literature review. Journal of Digital Learning and Education, 4(3), Article 1330. https://doi.org/10.52562/jdle.v4i3.1330
51. Pabalate, C. W., Pabalate, J. W., & Tiburcio, B. P. (2021). Strategic Reading Intervention for Left-Behind Learners in the Philippines. LLT Journal, 25(2), 367–378.https://www.researchgate.net/publication/363787049_STRATEGIC_READING_IN

TERVENTION_FOR_LEFTBEHIND_LEARNERS_IN_THE_PHILIPPINES researchgate.net+1researchgate.net+1

52. Padilla, P. (2021). Improving Grade 7 students' critical reading through explicit instruction of critical thinking. https://www.academia.edu/88825250/Improving_Grade_7_Students_Critical_Reading_Through_Explicit_Instruction_of_Critical_Thinking
53. Panlaqui, J. D. (2023). The use of contextualized instructional materials in teaching Philippine literature. International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/371505847
54. Pastera, J. M. R. (2024). Learners' reading strategies and comprehension skills among Grade 7 students in Iloilo. International Journal of Science, Management and Social Science, 7(5), 104–118. https://doi.org/10.51386/25815946/ijsms-v7i5p104
55. Peñas, E., Lagura, M. K. A., Rosete, M. F., & Escarlos, G. S. (2024). Enhancing reading proficiency among Grades 4 to 7 learners: A systematic review of Bandura's Social Learning Theory on modelling. https://www.researchgate.net/publication/386463940
56. Quintino, H. E., & Abagon, B. S. (2021). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/67863898/ZZG2156463472-libre.pdf
57. Rahmasari, N., & Sunarti, T. (2024). Investigating the Role of Critical Reading Strategies in Developing Students' Reading Comprehension. https://www.researchgate.net/publication/382019457_Investigating_the_Role_of_Critical_Reading_Strategies_in_Developing_Students%27_Reading_Comprehension
58. Ramsa, N. I. B., & Rawian, R. M. (2021). A review on systematic guided reading strategies and its implication on reading comprehension. International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences, 11(6), 203–215. https://doi.org/10.6007/IJARBSS/v11-i6/10112
59. Ramos, M. A., & Sarmiento, M. C. (2025). Crafting comprehension: A systematic guide to designing and developing an inquiry-based reciprocal teaching (IBRT) module. International Journal of Research in Social Sciences. https://rsisinternational.org/journals/ijriss/articles/crafting-comprehension-a-systematic-guide-to-designing-and-developing-an-inquiry-based-reciprocal-teaching-ibrt-module/

60. Republic Act No. 10533. Enhanced Basic Education Act of 2013. An act enhancing the philippine basic education system by strengthening its curriculum and increasing the number of years for basic education, appropriating funds therefor and for other purposes.
61. Salalima, R. J. A., & Pimentel, G. S. (2021). Developing reading comprehension skills of junior high school students through collaborative learning. Global Scientific Journal, 9(6), 123–131. https://www.globalscientificjournal.com/researchpaper/Developing_Reading_Comprehension_Skills_of_Junior_High_School.pdf
62. Sambayon, J., Luceñara, D., Luceñara, C., Bayron, Q., Peñaloga, R., & Larombe, E. (2023). Effectiveness of contextualized learning materials in improving the reading skills and comprehension level of the students. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 7(6), 435-445.
63. Santiago, M. S. (2020). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik [E-book]. Rex Book Store.https://www.studocu.com/ph/document/arellano-university/pagbasa-at-pagsulat-tungo-sa-pananaliksik/ang-mapanuring-pagbasa-ay-ang-pagsisiyasat-ng-isang-tekstong-babasahin/27036935
64. Santoso, A. (2022). The Effectiveness of Systematic Reading Strategies in Enhancing Students' Analytical Skills in Literature. Journal of Literacy Studies. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0742051X21001843
65. Sinaga, T., Kadaryanto, B., & Aulia, N. (2023). Indonesian high school students' critical thinking and literary text comprehension. ELE Reviews: English Language Education Reviews, 3(2), 155–171.https://ejournal.uinsaid.ac.id/index.php/ele-reviews/article/view/7621?utm
66. Soria, S. F. E. (2024). Reading program in the National Learning Camp: Teachers' assessment of its implementation and teaching strategies. International Journal of Research and Scientific Innovation, 11(2), 418–435. https://rsisinternational.org/journals/ijrsi/articles/reading-program-in-the-national-learning-camp-teachers-assessment-of-its-implementation-and-teaching-strategies/
67. Tamayo, N. V., & Alejo, C. G. (2026). The use of contextualized and non-contextualized reading materials and its impact on the learners reading comprehension and speed. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(3), 1087-1095. https://icceph.com/wp-content/uploads/2026/03/CONTEXTUALIZED-MATERIALS-READING-COMPREHENSION-SPEED.pdf

68. The Meadows Center at the University of Texas. (2023). What is direct, systematic, and explicit instruction? Retrieved August 1, 2025, from https://keystoliteracy.com/blog/what-is-direct-systematic-and-explicit-instruction/
69. Villanueva, J. M. (2023). Antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng edukasyon sa Pilipinas. https://www.academia.edu/127049252/Antas_ng_Bokabularyo_ng_mga_Mag_aaral_sa_Pagbasa_ng_Akdang_Pampanitikan
70. Villarente, M. D., & Moral, R. (2024). Teaching strategies and their effect on reading comprehension performance of junior high school students in inclusiveclassroom setting. EIKI Journal of Effective Teaching Methods, 2(1), 134–149. https://doi.org/10.59652/jetm.v2i1.138
71. Valeroso, Girlie L. (2024). "Buhay-Kultural Ng Mga Baclayonon Sa Mga Piling Alamat."
72. Wikipedia contributors. (2023). Pagkakaunawa (pagbabasa). Wikipedia. https://tl.wikipedia.org/wiki/Pagkakaunawa_(pagbabasa)
73. Wikipedia contributors. (2023). Pag-unawa sa mensahe ng teksto. Wikipedia. https://tl.wikipedia.org/wiki/Pag-unawa_sa_mensahe_ng_teksto
74. Wikipedia contributors. (2023). Anyo at istruktura ng teksto. Wikipedia. https://tl.wikipedia.org/wiki/Anyo_at_istruktura_ng_teksto
75. Yucada, K. (2025). Skills of students in formalistic analysis of different literature and development of intertextual module. International Journal of Arts, Sciences and Education, 6(1), 31–40. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/421